Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

Mga Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga at mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ng Medi-Cal

Enero 2018, Lat. #5609.08 - Tagalog

MGA PLANO NG PINANGANGASIWAANG PANGANGALAGA AT MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG ISIP NG MEDI-CAL

Ang ilang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay makukuha sa pamamagitan ng bayad-para-sa-serbisyo na mga tagapagbigay ng Medi-Cal[1] o sa mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal, habang ang iba ay makukuha lamang sa pamamagitan ng Mga Plano sa Kalusugan ng Isip ng county sa ilalim ng Pagpapaubaya ng mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.[2] Kabilang sa mga halimbawa ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip ang arawang masinsinang paggamot, arawang pangangalagang rehabilitasyon at paggamot ng mga nasa wastong gulang sa bahay.[3]

---

[1] Kung ikaw ay nasa bayad-para-sa-serbisyo na Medi-Cal, maaari kang pumunta sa sinumang tagapagbigay na tumatanggap ng Medi-Cal. Nangangahulugan din ito na hindi ka nakatala sa plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[2] Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon § 14189 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[3] 9 C.C.R. 1810.247 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

Para sa karagdagang impormasyon sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, tingnan ang “Pagkuha ng mga Espesyal na Serbisyong Outpatient sa Kalusugan sa Isip” na Paglalathala 508401.[4]

Ang lathalang ito ay nakatuon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na makukuha sa pamamagitan ng mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal.

Ano ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga?

Ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay isang grupo ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kabilang ang ospital, mga doktor, atbp… na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga miyembro nito. Kailangan mong gamitin ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga pasilidad sa loob ng grupo upang makatanggap ng mga serbisyo, maliban sa isang emerhensiya. Pipili ka ng isang doktor sa pangunahing pangangalaga (PCP, primary care physician) na mag-aayos ng iyong pangangalaga at magsasangguni sa iyo sa isang ispesyalista kung kinakailangan. Iba ito mula sa Bayad-para-sa-Serbisyo kung saan maaari kang pumunta sa sinumang tagapagbigay na tumatanggap ng Medi-Cal.

Ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay maaaring pribado o pampubliko. Kabilang sa pampublikong plano sa pinangangasiwaang

---

[4] Tingan din ang: Paglilinaw sa Responsibilidad ng Plano sa Kalusugan ng Isip para sa Pagbigay ng mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip sa mga Benepisyaryong Nakatala sa mga Plano ng Pinangagasiwaang Pangangalaga ng Medi-Cal “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

pangangalaga ang Medi-Cal at Medicare. Ang lathalang ito ay tutuon sa mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal, tingnan ang "Mga Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Medi-Cal Ano ang mga ito? Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga ito?" Anong mga serbisyo sa kalusugan ng isip ang inaatasang ibigay ng plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal?

Bago ang 2014, ang mga tumatanggap ng mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal ay tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa loob ng saklaw ng panggagamot ng kanilang PCP, at isinangguni sa mga tagapagbigay ng bayad-para-sa-serbisyo ng Medi-Cal o sa mga Plano sa Kalusugan ng Isip ng county para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Simula nang Enero 1, 2014, ang mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ang naging responsable para sa pagbigay ng ilang mga outpatient na serbisyo para sa kalusugan ng isip sa mga taong may banayad hanggang sa katamtamang kahinaan sa isip, emosyon, o paggana ng pag-uugali na nagresulta mula sa sakit sa kalusugan ng isip ayon sa itinukoy ng Dyagnostiko at Istatistikal na Manwal ng mga Sakit sa Isip (DSM, Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders), kahit pa ang mga serbisyong ito ay hindi kasama sa saklaw ng panggagamot ng PCP.

Naglabas ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS, Department of Health Care Services) ng Sulat sa Lahat ng Plano (APL, All Plan Letter) 17-018. Tinalakay ng APL na ito ang mga serbisyong makukuha ng mga tumatanggap ng Medi-Cal sa mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga, at ang responsibilidad ng mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga sa pagsasaayos ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa Mga Plano sa Kalusugan ng Isip sa county.

Ang mga dapat ibinibigay ng mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga na mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip ay:

- Pang-indibidwal at pang-grupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy):
- Mga serbisyong outpatient upang subaybayan ang terapiya sa gamot;
- Laboratoryo na outpatient, gamot (may mga gamot na hindi kasama), mga gamit at suplemento;
- Konsultasyon sa saykayatriya;
- Sikolohikal na pagsusuri upang suriin ang kondisyon ng kalusugan ng isip.[5]

Mga kondisyong kinikilala bilang mga problema sa relasyon tulad ng pagpapayo sa mag-asawa o pamilya ay hindi kasama.

Mayroon bang limitasyon sa dami ng paggamot na maaari kong matanggap mula sa plano ng pinangangasiwaang pangangalaga?

Wala, hangga't ito ay medikal na kinakailangan.

Ano ang pamantayan sa medikal na pangangailangan?

Mayroong iba-ibang mga pamantayan sa medikal na pangangailangan. Para sa mga bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang, ang mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat magbigay ng mga

---

[5] APL 17-018 p. 6; Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon 14132.03 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

serbisyong kinakailangan upang iwasto o mapabuti ang sakit o kondisyon ng bata.[6]

Para sa mga taong 21 taong gulang o mas matanda, ang mga plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat magsaklaw ng mga serbisyong makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, iwasan ang makabuluhang sakit o makabuluhang kapansanan, o upang mapaginhawa ang malubhang sakit sa pamamagitan ng diyagnosis at paggamot ng sakit, karamdaman o pinsala.[7]

Sino ang nagbibigay ng mga serbisyo?

Sikologo, saykayatrista, mga Lisensyadong Klinikal na Manggagawang Panlipunan at mga Terapruta ng Kasal at Pamilya. Ang mga klinikal na manggagawang panlipunan, mga katulong ng sikolohiya at mga intern ng MFP ay maaari ring magbigay ng mga serbisyo kung isinasagawa sa ilalim ng isang nangangasiwang clinician. [8]

Anong iba pa ang makukuha ko mula sa aking plano ng pinangangasiwaang pangangalaga?

Makakakuha ka ng:

- Mga pagsusuri sa kalusugan ng isip;
- Pagsangguni sa at pagsasaayos ng pangangalaga sa mga Plano sa Kalusugan ng Isip;

---

[6] 42 USC § 1396d(r)(5); 22 CCR §§ 51340 at 51340.1 “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[7] APL 17-018 p. 7 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[8] Tingnan ang: Manwal sa Tagapagbigay ng Medi-Cal at mag-scroll pababa sa Mga Serbisyong Sikolohikal (psychol). Pinakamainap na buksan ang zip file. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

- Pangangasiwa ng kaso.

Paano kung itanggi, bawasan, o ihinto ng aking plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ang mga serbisyo?

Mula Hulyo 1, 2017, nagkabisa ang mga bagong pederal na regulasyon na nag-utos kung paano ka mag-apela sa pasya ng plano ng pinangangasiwaang pangangalaga at/o dalhin ang ibang mga bagay sa atensyon ng plano ng pinangangasiwaang pangangalaga sa pamamagitan ng pagdaing.

Naglabas ang DHCS ng Sulat sa Lahat ng Plano (APL, All Plan Letter) 17-006 tungkol sa mga bagong pamamaran na ito.

Tingnan din ang " Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Medi-Cal: Mga Apela at Pagdaing sa" ng DRC

Iba pang mapagkukunan ng impormasyon:

"Programa sa Batas sa Pambansang Kalusugan"

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [Sagutan ang Survey]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang pormularyo ng kahilingan para sa tulong. Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.